Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagpili ng angkop na pang-uri

Panuto: Isulat sa patlang ang pang-uri na bubuo sa pangungusap. Pumili mula sa mga pang-uri sa kahon. Isang beses lamang maaaring gamitin ang bawat pang-uri.

a. matalim	e. makapal	i. makulay	m. mapurol	o. kulot
b. mabangis	f. makasaysayan	j. makintab	n. malambot	p. basag
c. malamig	g. malubha	k. magiting	ñ. matangos	q. nakabibingi
d. hinog	h. madulas	l. mabisa	ng. mainit	r. malabo

1. Masarap humiga sa __*malambot*__ na unan.
2. Binasa ko ang __*makapal*__ na libro sa loob ng tatlong araw.
3. Sigurado ka ba na ang gamot na ito ay __*mabisa*__?
4. Gumamit ka ng ibang lapis dahil __*mapurol*__ na ang lapis mo.
5. May __*hinog*__ na saging sa kusina.
6. Magandang tingnan ang malinis na uniporme at __*makintab*__ na sapatos.
7. Ang sundalong __*magiting*__ ay nakatanggap ng gantimpala.
8. Gusto kong uminom ng __*malamig*__ na tubig kapag mainit ang panahon.
9. Ang Intramuros sa Manila ay isang __*makasaysayan*__ na lugar.
10. Gumawa ng __*makulay*__ na saranggola si Peter para sa paligsahan.
11. Naging __*malubha*__ ang sakit ni Jessica kaya dinala siya sa ospital.
12. __*Matangos*__ ang ilong ng panauhin natin mula sa Alemanya.
13. __*Malabo*__ na ang paningin ni Lola Puring.
14. Bigyan mo ng kapeng __*mainit*__ si Tatay sa balkonahe.
15. Ang buhok ng bata ay itim at __*kulot*__.
16. Huwag kang lumapit sa __*mabangis*__ na hayop.
17. Ibaba na natin ang __*basag*__ na salamin.
18. __*Nakabibingi*__ ang tunog ng eroplano.
19. Mag-iingat ka sa paggamit ng __*matalim*__ na gunting.
20. Huwag kayong dumaan sa sahig na basa dahil ito ay __*madulas*__.